# 1

Mahamog nang hapong iyon nang maisipan ni Architect Russel Vendiola na dalawin ang puntod ng kapatid sa *Manila Memorial Park*. He just arrived from New Jersey where he was managing a family-owned construction company.

"Kung naging matapang ka lang sana, Jeff…" pabulong na sabi niya sa kawalan. The guilt was still in his heart, buried in his conscience.

Ilang sandali pa, pumapasok na ang kanyang itim na *Range Rover* sa maluwang na gate ng memorial park. Tahimik na tahimik ang lugar. Tanging ang lagaslas ng ulan ang maririnig sa paligid. Wala ring ibang taong naroon maliban sa kanya at sa security guard na nadaanan niya sa bukana.

Mayamaya ay napakurap siya. Sa di-kalayuan, kitang-kita niya ang isang babae na nakatayo sa harap mismo ng libingan ng kapatid.

Hindi niya maipaliwanag sa sarili kung bakit bigla siyang kinabahan. The thought of Jeff's ex-girlfriend came back to his mind and then the sight of this woman brought him the same uncomfortable

feeling.

Inaninaw niyang mabuti ang pigura. Baka kasi dinadaya lamang siya ng kanyang paningin. Ngunit hindi siya namamalikmata. Talagang doon ito nakatayo.

Napaisip si Russel. May hinuha siyang mayroong kaugnayan sa namayapang kapatid ang misteryosang babae.

Nais pa sana niyang magbabad sa loob ng sasakyan upang masilayan itong mabuti, ngunit nang tila maramdaman nitong may nakamasid, nagmamadali itong lumakad palayo.

Gusto man niyang habulin at tangkaing kausapin ito, hindi niya itinuloy dahil sa pakiwari niya, panakaw ang pagpunta nito roon.

Nang maglaho na ito sa paningin niya, saka pa lamang siya umibis ng sasakyan at lumapit sa puntod ni Jeff. Naroon ang kumpol ng bulaklak na iniwan ng babae. At sa kabila ng iniisip, nagawa pa niyang magbiro.

“Talagang ikaw, Jeff! Nakabaon ka na nga’t lahat, babaero ka pa rin! Sino ang babaeng iyon, ha?” aniya.

Napangiti siya sa sarili. Ngunit ilang segundo lamang iyon at kaagad nahalinhan ng lungkot. Marahil, kung narito siya noong mga panahong problemado ang kapatid, may nagawa sana siyang paraan upang matulungan ito.

Napabuntong-hininga si Russel. Kung maibabalik lamang sana niya ang panahon....

"EWAN KO BA naman sa 'yo, Alicia," bungad sa kanya ni Belinda, ang matalik niyang kaibigan. Ikinukumpas nito ang hawak na sandok habang nagsasalita. "Kung ako ang nasa sitwasyon mo, hahanap ako ng boylet na handang maging instant daddy para may makatuwang ako sa pagpapalaki sa batang iyan."

Naupo siya sa sofa at iniunat ang namimintig na mga paa sa kaharap na lamesita.

"Belinda, bakit ba sa araw-araw na maghaharap tayo, iyan na lang ang lagi mong sinasabi sa akin? Aba, namamaltos na ang mga tainga ko!" naggagalit-galitang tugon niya.

"Hay naku! Talagang uulit-ulitin ko iyan sa 'yo hangga't hindi ka natatauhan," napapailing na sabi nito.

"Si Miggy?" tanong niya nang maalala ang bata.

"Nasa kuwarto. Nakatulog sa sobrang kakulitan," nangingiting sagot nito. Pagkasara ng kalan ay naglagay na ito ng kanin sa uhuan. "O, kumain ka na."

Ibinaba ni Alice ang mga paa at lumapit sa hapag. "Ano ba ang putaheng niluto mo?"

Nagkandangiwi-ngiwi ang kaibigan dahil sa terminong ginamit niya. "Ayan ka na naman! Sinabi nang ginagamit lang ang salitang iyan kapag may espesyal na okasyon," kunwari ay pairap na sabi nito.

Napadilat ang mga mata niya nang makita ang nasa pinggan. "Itlog na naman! Baka labasan na tayo ng mga singaw niyan!"

"'Sus, ang sosyal! Naghanap pa ng ibang ulam! Dapat nga magpasalamat ka dahil may nakikita ka pang pagkain sa mesa," ismid nito.

"Kaya nga ako nag-iwan ng pera kanina para makatikim ng masarap-sarap na ulam si Miggy," nagtatampong sabi niya.

Lumamlam ang mga mata ni Belinda, mukhang tinablan sa narinig. "Iyan kasi ang madaling lutuin,

eh." Pagkatapos ay kumumpas ito sa ere, bakas sa mukha ang magandang naisip. "Hayaan ninyo at bukas na bukas din, magluluto ako ng masarap na ulam. Iyong maraming sarsa para mabusog nang husto ang alaga ko."

"Baka naman sarsiadong galunggong ang nasa isip mo, eh, may itlog ding rekado iyon," paalala niya.

Umingos ito. "Oy, hindi, 'no!"

"Talaga lang, ha!"

"Oo sabi, eh! Ikaw lang, wala kang bilib sa akin!"

Humalakhak si Alice. "Para kasing hindi ko na malululon ito, eh," tukoy niya sa hapunan nila.

"Ano ka ba! Importante din ang itlog sa katawan. Lalo ka na, sa trabaho mong iyan, dapat malakas ang mga tuhod mo," anito.

Oo nga naman. Isa kasi siyang saleslady sa isang sikat na department store sa Quezon City. Kaya hindi nakapagtataka kung bakit laging naninigas ang muscles niya sa binti. Gusto man niyang maupo ay hindi maaari. At kahit pulikatin pa siya dahil sa maghapong pagkakatayo, kailangan ay magiliw pa rin siya sa customers.

Ulila nang lubos si Alice ngunit bago namatay ang kanyang mga magulang, naitaguyod ng mga ito ang kanyang pag-aaral. Gayunpaman, dahil sa hirap ng buhay, hindi siya makatagpo ng maganda-gandang trabaho. Kasabihan nga, ang paghahanap ng trabaho ay katulad ng pagsisid sa ilalim ng karagatan upang makakuha lamang ng mamahaling perlas.

PAGDATING NI RUSSEL sa kanilang bahay sa Diliman, hindi na niya nagawang magbihis muna. Dumerecho siya sa dating silid ni Jeff na nasa ikalawang palapag ng bahay. Ngunit nang pipihitin na niya ang pinto niyon, nalaman niyang nakakandado pala iyon. Kaya mas mabilis pa kaysa sa talbog ng bola, nagmadali siyang bumaba ng hagdanan upang kunin ang susi mula sa kanilang mayordoma.

"Ano ba kasi ang kailangan mo sa kuwarto ng kapatid mo? Kabilin-bilinan sa akin ng mommy mo na huwag bubuksan iyan maliban na lang kung lilinisin. Ako ang mapapapagalitan niyan, Russel," kinakabahang sabi ng matanda. Sumunod kasi ito sa kanya.

"Relax ka lang diyan, Nana Lagring," aniya, habang isinusuksok ang susi sa keyhole. "Sagot kita."

"Bahala ka na nga. Bababa na ako. Oy, Russel, ang usapan ay usapan, ha. Pagkatapos mo diyan, huwag na huwag mong kakalimutang ikandado uli ang pinto at ibalik mo kaagad sa akin ang susi," mahigpit na paalala ni Lagring, habang patungo sa hagdan.

"Areglado," aniya, na sumaludo pa rito.

Samu't saring alaala ang bumalandra sa isip niya nang mabungaran ang silid ng kapatid. Malinis ang paligid at halos walang nagbago roon. Pakiramdam nga niya ay naroon si Jeff—nakangiti, masigla, at buhay na buhay.

Napakabilis lumipas ng pitong taon. Parang kailan lamang, kausap niya ito sa silid na iyon isang gabi bago ang flight niya patungong New Jersey…

*"Hindi ba puwedeng ipagpaliban ang pag-alis mo, Russ?" tanong sa kanya ni Jeff.*

*Mas matanda siya rito ng dalawang taon ngunit hindi nito nakasanayan na tawagin siyang 'Kuya'. Gayunpaman, hindi naging hadlang iyon sa magandang relasyon nila bilang magkapatid.*

*"Bakit?" takang balik-tanong niya.*

*"Plano ko kasing dalhin dito sa bahay ang*

*girlfriend ko bukas ng hapunan. Gusto kong pormal ninyo siyang makilala," nakangiting pag-iimporma nito, nasa tono ang kasabikan.*

*"Aba, at ano'ng nakain ng magaling kong kapatid, ha? Sa dinami-dami ng naging girlfriends mo, ngayon ka pa lang may ipapakilala sa amin. Napakapalad naman ng babaeng iyan! Isa ba siyang santa o anghel kaya napatino ka?" sabi niya, saka pabiro itong sinuntok sa braso.*

*Natawa si Jeff. Pagkatapos ay natahimik ito—at napailing.*

*"Hindi ko nga maintindihan ang sarili ko. Ngayon ko lang naramdaman ang ganito sa isang babae. In love na nga yata ako, Russ!" Hinawakan pa nito ang dibdib nang sabihin iyon.*

*"Siguro nga, kasi madrama ka na ring magsalita ngayon. Well, good luck, bro! Kaso hindi ko yata maipapakita sa 'yo ang suporta ko. Bukas ng umaga ang flight ko. Wala na kasing urungan ang opening date ng construction company natin sa New Jersey and I need to be there ahead of time. Ang masasabi ko lang, pagbutihin mo ang pag-aaral mo and see you there in two years," aniya.*

*Architecture din kasi ang kursong kinukuha nito.*

*"Sayang," palatak nito. "Gusto ko sanang kaharap ka kapag ipinakilala ko siya kay Mommy. Kabisado naman natin siya. Mas gugustuhin niyang mga anak ng amiga niya ang makatuluyan natin. Saka kung narito ka, may anino ako na magtatanggol sa akin."*

*Napangiti si Russel sa tinuran ng kapatid. Nasisiyahan siya sa kumpiyansa na ibinibigay nito sa kanya. Kahit minsan ay hindi siya nito kinontra. Tiwala ito sa lahat ng bagay na ginagawa niya. Kaya nalungkot siya dahil hindi niya mapagbibigyan ang kahilingan nito....*

Napakurap si Russel nang bumalik ang diwa niya sa kasalukuyan. *Iyon na pala ang huling kahilingan ng kapatid ko, hindi ko pa napagbigyan*, sabi ng konsyensya niya.

Nang maalala ang pakay, dagli niyang binuksan ang cabinet at maingat na hinalungkat ang mga gamit ni Jeff doon.

Wala siyang pinalampas. Maging ang calling cards at maliliit na piraso ng papel ay matiyaga niyang binusisi, nagbabakasakaling may makuha siyang impormasyon tungkol sa dating nobya nito.

Napapangalahati na ni Russel ang laman niyon nang pahapyaw niyang natapunan ng tingin ang

isang pulang kahon. And he could not wait to open it.

Halos pulos sulat ang karamihan sa nakapaloob doon. Kinutuban siyang naroon ang hinahanap kaya mabilisang binuklat niya ang isang liham. Ngunit hindi pa man niya nasisimulang basahin iyon nang may umagaw ng pansin niya. At nang baligtarin niya ang sobre, nagulat pa siya nang malamang sa kanya pala iyon nakapangalan.

Napabuntong-hininga siya. Bakit kaya hindi niya magawang kalmahin ang sarili? Parang may obligasyon siyang kailangang gawin. Hindi niya mawari kung anong damdamin ang namayani sa kanya nang mga sandaling iyon kaya determinado siyang hindi na niya iyon ipagpapabukas pa.

*Russ,*

*Kung ano man ang mangyari, ipangako mong hahanapin mo si Sandra. Kapag natagpuan mo na siya, sabihin mong kahit sa kahuli-hulihang hininga ko, siya lang ang nasa isip ko at kaisa-isang mamahalin…*

*Salamat, bro!*

*- Jeff*

Gustong magsikip ng dibdib ni Russel sa madamdaming habilin ng kapatid. Kahit hindi niya ito nakikita, ramdam niya ang wagas na pagmamahal nito sa dating kasintahan. At ang pagmamahal na iyon ang gagamitin niya upang matunton si Sandra.

# 2

Nang sumunod na Biyernes, bumalik si Russel sa sementeryo, umaasang makikitang muli ang babae. Iyon kasi ang araw at eksaktong oras na naabutan niya ito roon.

Matiyaga siyang naghintay hanggang sa tuluyan nang maglaho ang sikat ng araw.

Lulugu-lugo siyang bumalik ng sasakyan. Pinaandar niya iyon habang nakatuon ang isip sa malayo. *Marami pang pagkakataon. Matatagpuan din kita, Sandra*, pangako niya sa sarili.

Habang nasa biyahe, naglalakbay ang memorya niya. Hanggang sumagi sa isip niya si Venjo, ang matalik na kaibigan ni Jeff.

Nasa Amerika na siya noon nang mabalitaan niya mula kay Lagring na nag-away ang dalawa dahil sa babae. Ngunit ang ipinagtataka niya, kahit minsan ay hindi naging tema ng pagtatalo ng mga ito ang tungkol doon.

Mula noon, hindi na nagpakita si Venjo. Tuluyan nang naghiwalay ng landas ang dating malapit na magkaibigan. Kahit nang maaksidente ang kapatid

niya hanggang sa araw ng libing nito ay hindi nagpakita ang lalaki, bagay na biglang bumagabag sa kanya.

"Nana Lagring, wala na ba kayong balita kay Venjo?" Iyon kaagad ang itinanong niya sa matanda pagdating ng bahay.

"Si Venjo?" Napakunot ang noo nito nang marinig iyon, waring nagtataka. Pagkatapos ay sunud-sunod na napailing ito. "Huli ko siyang nakita noong nag-away sila ni Jeff. Bakit mo naitanong?"

"Ano ba talaga ang pinag-awayan nila?" usisa niya. Naroon sila sa kanyang silid. Sinamantala niya ang oras ng mayordoma habang nagmamando sa isang katulong na nagkakabit ng mga kurtina.

Saglit na tumigil ito sa ginagawa at sinulyapan siya, tila naguluhan sa simpleng tanong na iyon.

"Kilala mo ako, Russel. Hindi ko ugaling makialam o mag-usisa sa problema ng iba maliban na lang kung hinihingan ako ng payo." Nagbuntong-hininga ito. "Ang natatandaan ko lang, nagkasakitan ang dalawa dahil sa dating nobya ng kapatid mo."

"Dahil kay Sandra?"

Tumango ang matanda. "Nang gabing dumating

dito si Jeff kasama ang Sandra Arellano na iyon upang ipakilala sa mommy ninyo, dumating din si Venjo," kuwento nito.

"Pagkatapos?" aniya. Tumayo siya mula sa pagkakaupo sa kama at nilapitan ito.

"May ibinulong si Venjo kay Jeff na ikinagalit ng kapatid mo. Nagulat na lang kami nang suntukin ni Jeff ang kaibigan niya. At habang nagkakagulo ang dalawa, sinabayan naman ng alis ni Sandra.

"Ang ipinagtataka namin, hindi na hinabol ng kapatid mo ang babaeng iyon. Lumipas ang mga araw, parating lango sa alak si Jeff. At ayon sa mga eksperto na tumingin sa bangkay niya, ang pagmamaneho nang lasing ang dahilan ng kanyang aksidente," pahayag ni Lagring, habang isinisingit ang buntong-hininga.

"Naguguluhan ako, Nana Lagring. Ano ba ang sinabi ni Venjo sa kapatid ko? Ano ang sabi ni Jeff? Nagkuwento ba siya sa inyo?" hindi magkamayaw na tanong niya.

"Hay, Russel! Kung naguguluhan ka, mas lalo kami ng mommy mo na nakakita ng pangyayari. Walang pinagsabihan kahit isa sa amin si Jeff. Sinarili lang niya kung ano man iyon. Nanatili

siyang walang kibo nang mga sumunod na araw at madalas umuwing lasing," anito.

"Hindi ba siya kinausap ni Mommy?"

"Sinubukan ng mommy mo na kausapin siya, pero ayaw talagang magsalita. Kami lang daw ang nag-iisip na may problema siya." Pagkasabi niyon ay binuksan na nito ang pinto, aktong lalabas na.

"Nana Lagring, marami pa akong itatanong sa inyo," pigil niya rito.

"'Kuu! Ang batang ito, iyon lang ang alam ko. Siyanga pala, gusto mo bang sabihin ko kay Cynthia na ipaghain ka?" tukoy nito sa isa pang katulong.

"Hindi na ho. Bababa na lang ako sa komedor kapag nakaramdam ako ng gutom," tugon niya.

"Ikaw ang bahala." Ipininid na nito ang pinto.

MUNTIK NANG MAPAGSARHAN ng department store si Russel nang gabing iyon dahil maghapon niyang ginalugad ang kinaroroonan ng mga kaibigan ni Jeff. Baka sakaling may makapagsabi sa kanya kung saan nakatira si Sandra. Ngunit walang masabi ang mga ito. At si Venjo na kaisa-isang makakapagturo niyon ay matagal na palang nangibang-bansa.

Mangilan-ngilan na lamang ang customers sa women's section sa third floor kaya nasiyahan siya. *Better*, anang isip niya. Nang sa gayon, makakapili siya nang husto.

Isa-isa niyang hinawi ang mga blusa sa isang rack ng semi-formal attire. Magaganda at elegante ang mga iyon ngunit sa katulad niyang lalaki, aabutin siya nang siyam-siyam bago makapili.

"May I help you?" anang babae mula sa likuran niya. Sa tunog pa lamang ng malamyos na tinig nito, ramdam ni Russel na ito ang sagot sa problema niya.

"Oh, yes, yes…" Natigilan siya nang makita ang saleslady.

Buong ningning ang pagkakangiti nito sa kanya na para bang nagsasabing may solusyon ang lahat ng bagay at kahit anong galit sa puso na kasimbagsik man ng apoy, laging may katapat na tubig ng buhay na papawi roon.

"Sir?" Napakurap ang babae, tila nagtataka sa naging reaksyon niya.

"Ah… I'm looking for a birthday present for my mother," aniya, na dinaig pa ang aspile sa pagkakatutok ng mga mata sa babae.

Parang hinaplos ang puso niya nang muling ngumiti ito.

“Narito po ang new arrivals, Sir,” anito, tinungo ang isa pang rack. “Mas makakapili po kayo rito.”

Sinipat-sipat ni Russel ang mga iyon. Ngunit talagang hindi niya kabisado ang mundo ng kababaihan.

“Makakatulong po ang favorite color niya para magustuhan niya ang regalo ninyo,” suhestyon nito nang mapansin ang pagkalito niya.

Napakamot siya ng batok. “Hindi ko alam ang favorite color niya, eh,” aniya.

Mayamaya ay may kinuha ito mula sa rack at iniharap iyon sa kanya. “This red blouse might suit her taste,” nakangiting sabi nito.

Napangiti siya. Talagang nakakahawa ang mood nito—maaliwalas katulad ng bukang-liwayway.

“Do you think she’d like it?” paniniguro niya habang ini-imagine na suot ng ina ang blusang iyon. Tiningnan niya ang size at naisip na maaaring magkasya iyon dito.

Tumango ito. “Base po sa experience ko bilang saleslady, sigurado po akong magugustuhan ng

mother ninyo iyan," anito.

"Okay. I'll get it," aniya.

Pagkatapos nitong tanggalin ang blusa mula sa hanger ay nakangiting iniabot nito iyon sa kanya. "Thank you, Sir. Sa Counter 8 na lang po," anito.

"Salamat, ha, Miss…?"

"Alice."

"HIJO! I'm glad you're here now!" masayang bungad ni Olga nang pumasok si Russel sa komedor.

"I'm sorry, Ma. I've been busy the whole day finding the best gift for you," nakangiting sabi niya. Iniabot niya ang regalo dito matapos gawaran ito ng halik. "Happy Birthday!"

Niyapos siya nito at tinapik-tapik ang likod niya. "Thank you, hijo."

Noon lamang niya napansin ang dalawang panauhin na kaharap ng kanyang ina sa hapag-kainan.

"Good evening," pormal na bati niya sa mga ito.

Gumanti naman ng ngiti ang mga ito.

"Siyanga pala, Russel, I'd like you to meet my friend, Liz and her unica hija, Feb," pakilala nito.

Kahit hindi siya magtanong, batid ni Russel na si Feb ang bagong recruit ng ina para sa kanya. She had been a silent matchmaker ever since. At iyon ang hindi nila pinapaboran ni Jeff.

"Hi, Russel!" anang dalaga. Sa kilos nito ay parang matagal na silang magkakilala.

"Si Feb ang bago nating marketing consultant sa garments factory," ani Olga, halatang ibinubuyo ang babae sa kanya.

"Nice meeting you, Feb, Tita Liz," aniya.

"At tamang-tama ang dating mo. We're about to start a very late birthday dinner. Join us, hijo," anang ina.

"Perfect timing! Kanina pa nga kumakalam ang sikmura ko," aniya. Napansin niyang nagsenyasan ng sulyap ang mag-ina. And as Russel Vendiola whose image had been so strikingly handsome, hindi na misteryo iyon para sa kanya.

"You know, Russel, Feb is from Davao. She came here because I requested her to be our marketing consultant. Of course, she needs to live near the

office and so, I'd like you to help her find the best condominium in town," ani Olga.

Sa himig pa lamang nito, there seemed no way out. Isang utos iyon at hindi nagtatanong kung maaari niyang isingit iyon sa oras niya.

Kaya hindi niya masisisi si Jeff kung bakit naging palikero ito. Iyon ang naging paraan nito upang makaiwas sa pagiging sobrang dominante ng ina. Nang sa gayon, mag-atubili si Olga na ilapit ito sa kung sinu-sinong anak ng mga kaibigan.

Iyon nga rin marahil ang dahilan kung bakit niya naisipang lumayo. Kahit naman siguro sino, mas gugustuhing sarilinin ang pagpili ng mapapangasawa.

At ngayong narito siyang muli, nabuksan ang pag-asa para sa ina. He knew that she would consider every minute an opportunity.

"HOW DID YOU find the place?" tanong ni Russel kay Feb na nasa passenger seat ng sasakyan niya. Nag-aagaw-dilim na nang matapos silang makipag-usap sa general manager ng condominium na napili ng dalaga.

"Very nice! At the same time, accessible sa maraming lugar. Kaya kapag nainip ako, madali akong makakapaglibang. But if I want something new, I can always make myself available and ask for someone's warmth to comfort me during the night," nangingiliti ang boses na sabi nito. And apparently, he needed not to ask, she wanted him.

Natawa si Russel. "You sound like you're used to night trembling. Siguraduhin mo lang na hindi ka magyayaya ng kung sino lang. Metro Manila is a dangerous place for beautiful women," biro niya.

Natawa rin ito. "You know what, Russ, I felt that I was both embarrassed and praised. But I like your last words. Thanks for the compliment, anyway," anito.

Sinulyapan niya ang dalaga. Nagniningning ang mga mata nito sa dilim.

"I can be generous in giving praises, you know. But I can be harsh, too," aniya.

"Oh, it doesn't matter," maarteng saad nito. Hindi inaasahan ni Russel ang pagpatong ng mainit na palad nito sa kanang hita niya. Pagkatapos ay marahan nitong pinisil iyon. "I can pay you back with excitement."

And in that one click like a switch, Feb had turned him off. Obviously, she was not the marrying type, not someone he could be proud to stand with in front of the altar.

"I'm not used to drinking a very hot coffee na alam kong mapapaso ang dila ko. Pinalalamig ko muna nang kaunti bago ko higupin. Dahil kapag hindi ko nagustuhan, siguradong iibahin ko na rin pati ang timpla," malalim na pahayag niya. Ngunit hindi na siya nagtaka nang maintindihan nito ang ibig niyang sabihin.

Natahimik si Feb. Gayunpaman, batid niyang napahiya ito.

"Oh, wait." Tila inaalo nito ang sarili nang muling magsalita. "Puwede mo ba akong idaan sa mall? I have to buy things for myself para sa paglipat ko sa condo."

"Sure. May malapit na mall dito.".

At ilang minuto lamang, narating nila ang lugar.

Ililiko sana niya ang sasakyan sa parking lot nang pigilan siya nito.

"Matatagalan ako sa loob. Huwag mo na akong hintayin," anito.

Napakunot-noo si Russel. "Are you sure?"

Tumango ito. "I have already consumed much of your time."

"But how can you go home?" tanong niya.

Napangiti ito. "Don't ask me that silly question, Russel. Hindi mawawalan ng taxi sa lugar na ito."

"Okay. But if you need help, you know my number."

Kumibit-balikat lang ito. Kahit hindi nito lantarang sabihin, nasa mga mata nito ang kawalan ng paniniwala sa sinabi niya.

"Don't be a hypocrite, Mr. Vendiola. And don't worry, I feel better now. Thanks for your sweet honesty. I'm sure you'll need more of it in the next twenty-four hours," sarkastikong paalam nito.

Napakamot siya ng batok pagkaalis nito. He felt really stupid. Matapos niyang tanggihan ang masarap na isinasamo nito, nagawa pa niyang magtanong na kunwari ay pinagmamalasakitan niya ito.

Napapailing na pinaandar niya ang sasakyan.

Ngunit hindi pa siya gaanong nakakalayo nang mapansin niya ang isang babae na napasandal sa

pader ng department store. Mukhang masama ang pakiramdam nito base sa kamay nitong nakasapo sa noo.

Walang nakakapuna rito kaya nagpasya siyang lapitan ang babae. Itinabi niya ang sasakyan sa gawi nito saka niya ito nilapitan.

"Ano ang problema, Miss?" tanong niya.

Nag-angat ito ng mukha, bagaman napapangiwi sa sakit.

"S-sinusumpong ako ng migraine," tugon nito.

"A-Alice?"

Tiningnan siya ng babae nang tawagin niya ito sa pangalan. Pagkatapos ay napapikit ito at hinimas ang sintido.

"Hindi mo ba ako natatandaan?"

Umiling ito. Sa tantya niya, ayaw na nitong makipag-usap dahil sa sobrang sama ng pakiramdam.

"Never mind. Pauwi ka na ba?" muling tanong ni Russel.

Tumango lamang ito.

"Okay lang ba kung ihatid na kita?"

"H-hindi na. S-salamat na lang," paputul-putol na tanggi nito. Ngunit nang sikapin nitong lumakad, napaungol ito sa sakit.

"Hindi ako puwedeng magkamali. Kailangan mo ng tulong," aniya. Ngunit nang alalayan niya ito patungo sa sasakyan, sinubukan pa siyang itulak ng babae.

"Look, Alice," sabi ni Russel na inilabas pa ang kanyang wallet. "Heto ang identification cards ko. Hindi ako masamang tao. Ako rin iyong humingi ng payo sa 'yo kung ano ang magandang panregalo sa mother ko," paalala niya.

Kumurap-kurap ang babae, tila binabalikan sa isip ang binanggit niyang sitwasyon. Mayamaya ay bahagyang umaliwalas ang anyo nito.

"Now you remember me?" ulit niya.

"B-baka nakakaistorbo ako…"

"Ah, hindi! Pauwi na rin ako. Idadaan na kita sa bahay ninyo," aniya.

Sumakay na sila sa sasakyan niya.

"May iniinom ka bang pain reliever?" tanong ni Russel nang nasa biyahe na sila.

"Kakainom ko lang nang makita mo ako," tugon nito.

"Kumusta na ang pakiramdam mo?" aniya.

"Bumubuti-buti na. Hindi katulad kanina, hindi ko alam kung paano ako uuwi." Napangiwi ito nang maalala ang nangyari.

"Paiba-iba ba ang schedule ng pasok mo? Ang natatandaan ko, halos sarado na ang kalahati ng mall nang mapunta ako rito noong isang araw," saad niya, habang nakatuon ang paningin sa kalsada.

"Hanggang five o'clock lang ako ngayon. Mabuti na rin at ngayon ako inabutan ng migraine. Maaga akong makakapagpahinga," anito.

"Tuwing Biyernes lang ba ganito ang oras ng uwi mo?"

"Oo."

"Bakit hindi mo subukang mag-apply sa mga eight-hour day jobs? Mahirap ang schedule mo. Kaya ka siguro nagka-migraine dahil sa pagod at puyat araw-araw," aniya.

"Marami akong in-apply-an dati. Sa hirap ng buhay ngayon, kahit college graduates, talagang dumadaan sa butas ng karayom."

"Ano ba ang kursong natapos mo?" Pasulyap-sulyap siya rito habang nag-uusap sila.

"BSBA Marketing."

Tumangu-tango si Russel. "Paano naman ang term mo diyan?"

"Every six months ang renewal ng kontrata namin. Kapag sinusuwerte, candidate ako sa bagong contract. Pero kapag minamalas naman, hanap na lang ako ng ibang lilipatan. Wala akong magagawa, eh. Talagang ganoon ang patakaran nila," pahayag nito.

"Mahirap iyon."

"Kaya nga kahit masama ang pakiramdam ko, pumapasok pa rin ako. Isa kasi iyon sa pinagbabasehan nila," sabi nito.

Hindi alam ni Russel kung saang bahagi ng katawan niya lumusot ang paghanga sa babae. Oo nga't marami siyang nakakahalubilo araw-araw ngunit sadyang naiiba ang determinasyon ng kausap.

At nang mga sandaling iyon, para siyang nagkaroon ng pansariling panukat. Mula kung saan ay kaagad niyang nakumpirma ang katatagan ng loob nito na kung tutuusin, wala pa nga yatang isang

oras silang nagkakakilala.

Ilang sandali pa, binabagtas na nila ang General Wood Street sa Frisco. Doon nagpahatid ang babae.

“Dito na lang ako.” Itinuro ni Alice ang itim na tarangkahan. Isang four-door apartment na gusali ang tinutuluyan nito.

“Maganda ang lugar ninyo. Mukhang tahimik,” puna niya.

“Salamat nga pala sa paghatid mo. Naabala na kita nang husto,” anito.

Sa pagngiti ng babae, muli niyang nasilayan ang kagandahan nito; ang hugis-puso na mukha, ang malagong mga pilik-mata, at ang mabilog na mga labi na bumagay sa morenang kutis nito.

He could almost hear the rhythm of his heart, singing out loud every single melody, alarming his senses.

“Wala iyon,” aniya.

“Gusto mo bang magkape muna nang sa gayon, masuklian ko naman kahit kaunti ang kabutihan mo,” anyaya nito.

“Don’t worry, hindi ako naghihintay ng kapalit.”

“Sigurado ka?”

“Yeah.”

“So, hindi na kita pipilitin.”

Nginitian niya ito. “’Bye, Alice.”

“’Bye…”

# 3

"Anak ng sampung tupa! Ang tagal ninyong nag-usap pagkatapos hindi mo man lang naitanong ang pangalan ng guwapong iyon?" nanghihinayang na bulalas ni Belinda. Nakaharang ang payat na katawan nito sa pintuan.

"Exaggerated ka naman diyan! Nagmagandang-loob lang iyong tao. Saka hindi na kami magkikita. Tama na iyong nagpasalamat ako," aniya.

Inirapan siya nito. "Nakakainis ka talaga! Hindi ka man lang umasa na balang-araw, magkukrus uli ang landas ninyo?"

"Belinda, ha! Pinahahaba mo iyong istorya," saway niya. Pabirong tinabig niya ang braso nito. "Paraanin mo nga ako at kanina pa masakit ang mga binti ko."

"Eh, Diyos ko naman kasi, ang guwapu-guwapo ng lalaking iyon, pinaalpas mo pa!" hirit nito.

"Hus! Guwapo raw, eh, hindi mo naman nakita," kontra ni Alice.

Lumaki ang mga mata nito. "Oy, anong hindi?

Kanina pa kaya ako nasa labas ng pinto. At kitang-kita ko nang ihatid ka ng prinsipeng iyon," patunay nito.

Dumerecho si Alice sa refrigerator at kumuha ng tubig mula sa pitsel. Anhin na lamang niya ay lunurin ang lalamunan sa sobrang pagkauhaw.

Sinundan siya ng kaibigan at sumandal ito sa pasimano ng lababo paharap sa kanya. Pagkatapos ay tinitigan siya nito na parang hinuhukay ang kaloob-looban niya.

"Bakit ka ganyan makatingin, ha? Parang gusto mo akong himay-himayin," sita niya, bagaman ganoon lamang talaga sila kung mag-usap.

Sa mga nakakakilala sa kanila, batid ng mga ito na lambingan na nilang magkaibigan iyon at sa tagal ng panahong magkasama sila, kabisado na nila ang likaw ng bituka ng bawat isa. Kahit siguro hamunin pa ng pagkakataon ang pagkakaibigan nila, hindi nila magagawang isuko iyon.

"Wala ka ba talagang interes sa lalaking iyon?" pangungulit ni Belinda.

"Wala," aniya.

"Eh, bakit nga?"

Nagsalubong ang mga kilay ni Alicia. “Mayaman siya.”

Napanguso ito. “O, eh, ano naman ngayon?”

“Belinda, iba ang panuntunan ng mayayaman sa pag-ibig. Kapag dukha ka, hindi ka nila ipaglalaban. At kahit ano pa ang mangyari sa relasyon ninyo, wala silang pakialam,” aniya.

Sa sinabi niyang iyon, natahimik ito. Hindi lingid dito kung gaano kalalim ang pinagmulan ng damdaming pumuslit sa bibig niya.

Umiling-iling ito, pagkatapos ay itinaas ang dalawang kamay. “Hands up! Wala na akong sinabi,” anito.

“RUSSEL, ano ba itong nabalitaan ko?” ani Olga. Mataas ang boses nito mula sa kabilang linya. “Pinag-taxi mo raw pauwi si Feb! Hijo, how can you be so rough to her?”

“Hindi na ako magtataka kung bakit iyon ang version niya ng kuwento sa inyo,” napapailing na tugon niya habang minamaneho ang kanyang sasakyan.

“Hijo, I like her for you. Feb is a very smart girl

at galing sa disenteng pamilya. So if I were you, I'd see that she is a good catch."

Umaapaw sa dibdib niya ang mga salita nito. Kumbaga sa pagkain, kahit masarap, nakakaumay kapag sumosobra.

"Ma, hindi lahat ng galing sa disenteng pamilya ay matino. Mabuti sana kung talagang kakilala ninyo ang mag-inang iyon. Hindi ba't sa telepono lang umaasa ang komunikasyon ninyo sa kanila? You hardly see them in person," aniya.

"Bakit ka ba ganyan kung magsalita? I tell you, kilala ko sila! And I'm sure, magugustuhan mo rin si Feb. Just give her a chance, okay?" pilit nito.

"Oh, come on, Ma! Stop treating me like a little boy. I'm a grown-up man at ayokong dinidiktahan ako lalo na kapag tungkol sa pag-aasawa," salag niya.

"Russel!" Halatang nasaktan ito sa sinabi niya. But he couldn't be the one she wanted him to be.

"Please, Ma, ayokong pagtalunan pa natin ang babaeng iyon!"

"Basta, hijo, don't lock the doors on her! I want you to treat her well. Is that clear?" utos nito.

"I'm not promising anything. You know me well."

"Russel—"

"I'm not into marrying someone yet. And if I am, sinisiguro ko sa inyong mahal ko siya."

"Oh, I guess, you need not to find elsewhere. Feb is undeniably lovable. Wala ka nang hahanapin pa! All you need is time. And I'm dying to see you on your wedding day! You'll make a nice couple, hijo!" nasasabik na dugtong ng ina na ikinabingi niya.

Kung alam lamang nito ang ginawa ng babaeng iyon, malamang ay si Olga na mismo ang tatanggi rito. Numero uno kasing conservative ang ina. Ayaw na ayaw nito sa mga babaeng magaspang kumilos at matabil ang dila lalo na ang mga liberated at agresibo.

"Ma, I'll talk to you later. I'm on the road," paalam niya.

"All right. See you then. Take care."

"AY, NAKU, BUNSO! Ang mabuti pa, si Mommy Alicia na lang ang tanungin mo tungkol diyan, ha. Sigurado akong maraming alam iyon. Pagkagising

niya, itanong mo agad, okay?" ani Belinda kay Miggy, na bilog na bilog ang mga mata.

"Dapat alam mo rin po iyon, Tita, kasi matagal na kayong magkasama ni Mommy Alice," pangungulit nito.

"Eh, hindi ko nga alam. Saka, matagal nang panahon iyon. Nakalimutan ko na," anito.

"Ano ba ang pinag-uusapan ninyo?" bungad ni Alice galing silid. Kagigising lamang niya.

"Mommy!" Halatang sabik na sabik ang bata sa pagyakap sa kanya. Madalas ay natutulog na ito tuwing dadating siya sa bahay sa gabi. Pahapyaw na lamang din kung bistahin niya ang mga lessons nito sa school. Halos si Belinda na ang madalas na nag-aasikaso sa pangangailangan nito. Mabuti na lamang, sadyang matalino ang bata.

Nagpapasalamat din siya dahil mayroon siyang kaibigan na nasasandigan sa lahat ng oras.

Napangiti si Alice sa sarili. Sumagi sa isip niya ang malimit sabihin nito sa kanya; "Masuwerte ka dahil pangit ako. Aba, kung maganda akong katulad mo, matagal na akong nag-asawa, 'no! Kapag nagkataon, wala kang mabait na alila dito."

Kapag nasa eskuwelahan si Miggy, ume-extra ng pagtatrabaho si Belinda sa malapit na bakery kaya pagdating ng hapon, yaya at tsimay naman ang libreng katungkulan nito.

Napukaw lamang siya mula sa pag-iisip nang magsalita ang kaibigan.

"O, ayan, itanong mo na sa mommy mo," untag nito sa bata.

"Ano ba iyon, bunso? Mukhang napakaaga naman yata niyan. Hindi mo ba pag-aalmusalin muna si Mommy?" malambing na sabi niya rito.

"Miggy! Miggy!" tawag ni Carl mula sa labas ng pinto. Nakatira ang bata sa katabing pinto at kalaro ni Miggy kaya sanay na sila sa boses nito lalo na kapag araw ng Sabado at Linggo.

"Mommy, maglalaro lang po kami ng computer games sa bahay nila Carl. Tawagin mo na lang po ako kapag kakain na," paalam nito sa kanya. Lambing na nito ang pagpupog ng halik sa kanya kapag gustong makipaglaro sa kapitbahay.

"Eh, bakit hindi ka muna kumain? Nakahain na, o," ani Belinda.

"Hindi pa po kasi ako nagugutom, Tita. Mamaya

na lang," hindi makapaghintay na sagot ni Miggy. Kumaripas na ito ng takbo palabas at tuluyan nang nakalimutan ang itatanong sa kanya.

Nasampal ni Belinda ang noo sa pagpapasalamat. "Whew! Saved by the bell," tila naginhawahang bulalas nito.

Napatingin siya rito. "Ano ba kasi iyon at parang ang laki ng problema mo?" usisa niya.

"Ay, naku, Alicia! Tanungin ba naman ako ng batang iyan habang naghahain! Muntik ko na tuloy mabitiwan iyong kutsara," napapailing na tugon nito.

"Ano nga iyon?"

"Ano raw ba ang hitsura ng daddy niya? Kamukha raw ba niya? Ano raw ang sakit at namatay agad?" Itinukod nito ang isang braso sa haligi habang ikinukumpas ang kabilang kamay. "God, questions like that, you know! I can't answer, my friend! Oh, my gosh!"

Natawa siya sa reaksyon nito na ginawang komedya ang pag-i-Ingles. Kalaunan ay natahimik siya. Ano nga rin kaya ang isasagot niya kapag siya ang maisipang tanungin ng bata?

"Ano ang sinabi mo?" mayamaya ay tanong ni Alice.

"Malay ko! Eh, sa totoo lang, hindi ko naman talaga nakita kahit minsan ang lalaking iyon! Ewan ko ba diyan sa kapatid mo, Alicia, masyadong malihim pagkatapos kapag umamin, kung kailan mahirap nang lusutan ang problema," pumapalatak na sabi nito.

Napabuntong-hininga siya. "Hindi natin siya dapat sisihin, Belinda, dahil hindi natin talaga hawak ang kapalaran," aniya.

"Pasensya na. Hanggang ngayon kasi, hindi ko pa lubos akalain na magagawa niya ang ganoong bagay. Kung nagsabi siya sa atin agad at hindi niya sinarili, nakagawa sana tayo ng paraan," tila nanghihinayang sa saad nito.

"Wala na tayong magagawa. Nangyari na, eh. Ang mahalaga, narito tayo para alagaan ang magandang alaala na iniwan niya sa atin," pahayag niya. Biglang namula ang mga mata niya, parang gusto niyang umiyak.

"Kaya ako," biglang tumaas ang boses nito, "hinding-hindi ako magpapaligaw dahil sinungaling ang mga lalaking iyan! Kunwari ay mga santo kapag

nanunuyo pero kapag nakuha na ang gusto, iiwan ka na lang basta na parang pupu sa kalye."

Natawa tuloy siya sa sinabi nito.

PAUWI NA si Russel nang gabing iyon nang tumunog ang kanyang cellphone.

"Yes, Ma?" aniya.

"Nasaan ka ba, hijo?" anito mula sa kabilang linya. Ramdam niya ang pag-aalala sa boses nito.

"Narito kami ni Ronald sa Timog, pero pauwi na rin ako," tukoy niya sa kasamang kaibigan. "Bakit ganyan ang boses ninyo? You sound so nervous."

"Naku, hijo! Tumawag si Feb. Naroon siya sa condo niya at nahihirapan daw siyang huminga. Puwede mo ba siyang pasyalan doon?" pakiusap nito.

Napabuntong-hininga ang binata. Ano na naman kayang drama ang gustong isabuhay ng babaeng iyon?

"Baka naninibago lang iyon sa trabaho kaya napagod. Mamaya lang, okay na iyon," paiwas na sabi niya. In any possible way he could, ayaw

niyang mapaloob sa kahit anong bitag ng babae. Nararamdaman niyang isa siya sa misyon nito kaya tinanggap nito ang alok na trabaho mula sa kanyang ina.

"Hijo, baka kung ano ang mangyari kay Feb! Ako ang mananagot kay Liz!" nag-aalalang sabi nito.

"Bakit naman kasi sa dinami-dami ng puwedeng kunin na marketing consultant dito sa Metro Manila, sa Davao pa kayo kumuha?"

Nairita si Olga sa sinabi niya.

"I know what's best for the factory, Russel! I've been handling it since your father died. Kahit minsan ay hindi ako nagkamali sa mga naging desisyon ko. At kung mayroon man, ako ang gumagawa ng solusyon," tila masama ang loob na tugon nito.

"Wala naman akong sinabi na hindi maganda ang pagpapatakbo ninyo sa factory. Ang sa akin lang, if we can get the best shell in the seashore, bakit pa tayo papalaot sa dagat?" aniya.

Saglit na natahimik ito. Ngunit nang muling magsalita, mas lalo yatang tumindi ang hinaing nito.

"We've been apart for seven years and I've been alone. Wala akong makausap. Kapag masama

ang pakiramdam ko, mag-isa ako. Wala man lang nangungumusta sa akin tuwing uuwi ako ng bahay. You know, all these things hurt me. Pero narinig mo ba akong nagreklamo?" litanya nito.

Russel could sense her every word. Hindi naman siya alibughang anak at manhid upang hindi makaramdam ng awa para sa ina.

"Ma, alam ko kung gaano na karami ang pagkukulang ko sa inyo. But the thing with Feb is different. Ibang bagay iyon at hindi natin dapat isali sa problemang pampamilya. At kung gusto ninyo akong lalong ma-guilty, huwag sa paraan na may kinalaman sa kanya. Please, Ma."

Nakarinig siya ng hikbi sa kabilang linya.

"N-ngayon ko napatunayan na hindi na ako importante sa 'yo. S-simpleng kahilingan ay hindi mo man lang ako mapagbigyan. H-hindi naman kita itataboy doon kung hindi emergency. N-nag-aalala lang naman ako para kay Feb dahil sa akin siya ibinilin ni Liz. K-kung may mangyaring masama sa kanya, para ko na rin siyang pinabayaan," umiiyak na sabi nito.

Muling napabuntong-hininga si Russel. Bumubulusok sa dibdib niya sa narinig mula sa

kanyang ina. And this time, he had no choice. Besides, he only had a few months to spend on this vacation after which he had to fly back to New Jersey. Ano ba naman iyong minsan niyang pagbigyan ang kahilingan nito? A little time won't hurt, anyway.

"Okay, Ma. You have me. Pupunta na ako," aniya.

"S-salamat, hijo! Please, tawagan mo agad ako kung ano ang lagay ni Feb, ha. Make sure to comfort her, okay? Kung kailangang dalhin sa ospital, then do it for her safety," bilin nito na biglang sumigla ang boses.

"Yeah. Don't worry, ako na ang bahala sa kanya," walang ganang tugon niya.

"Okay. I'll be waiting for your call. 'Bye." Tinapos na ni Olga ang pakikipag-usap sa anak.